



### Nakahanda ba ang Iyong Alagang Hayop sa Panahon ng Taglamig?

Tulad nang ginawa mo sa emergency supply kit ng iyong pamilya, isipin muna ang mga pangunahin na pangangailangan ng iyong alagang hayop, lalo na ang pagkain at tubig. Ikonsidera ang dalawang kit (kagamitan). Sa una, ilagay ang lahat ng kakailanganin mo at ng iyong mga alagang hayop sa pamamalagi kung saan ka naroroon. Ang isa naman ay dapat isang nadadalang bersyon ng mga dadalhin mo kung kinakailangan mo at ng iyong mga alagang hayop na umalis. Siguraduhin na regular mong tinitingnan ang iyong mga kit (kagamitan) para matiyak na ang mga laman nito, lalo na ang mga pagkain at gamot, ay sariwa pa.

### Mga pangunahin na Gamit na I-empake sa iyong Kit (kagamitan) sa Paghahanda sa Alagang Hayop

- Pagkain para sa bawat alagang hayop
  - Magtabi ng pagkain na sapat sa hindi bababa sa tatlong araw sa isang walang hangin at tubig nakakapasok, na lalagyan.
- Tubig para sa bawat alagang hayop
  - Magtabi ng tubig na sapat sa hindi bababa sa tatlong araw lalo na para sa iyong mga alagang hayop, bilang karagdagan sa tubig na kakailanganin mo para sa iyong sarili at sa iyong pamilya (isang galon ng tubig kada araw para sa hayop na may laki ng isang malaking aso).
- Mga gamot at pampakalma ng paghihirap/pag-aalala na may mga tagubilin sa pag-inom/pagkuha
  - Magdala ng dagdag na supply ng mga regular na kinukuhang gamot ng iyong alagang hayop at iyong mga para sa mga nakaka-stress na pangyayari sa isang lalagyan na hindi napapasukan ng tubig. Itabi ang mga tagubilin kasama ng supply sa kaganapan na may ibang tao ang tutulong sa iyong (mga) alagang hayop.
- First aid kit (pangunahing lunas na gamit) para sa mga alagang hayop
  - Kausapin ang iyong beteryaryo para malaman kung ano ang pinaka-angkop para sa mga pangangailangan ng iyong alagang hayop sa kaganapan ng emerhensiya. Ang karamihan sa mga kit (kagamitan) ay kinabibilangan ng mga bandage rolls na gawa sa bulak, bandage teyp at mga gunting, antibayotikong pampahid, pang-iwas sa pulgas at garapata, mga gawa sa latex na guwantes, isopropyl na alkohol at saline solution. Magsama ng libro ng sanggunian para sa pangunahing lunas ng alagang hayop.
- Dagdag na collar (panliig) na may pinakabagong ID na etiketa, harness (guwarnisyon) o tali
  - Ang iyong alagang hayop ay dapat na may suot na collar (panliig) na may etiketa sa rabis at ID parati para sa layunin ng pagkikilala. Magsama ng pamalit na tali, collar (panliig) at ID na etiketa sa pang-emerhensiya na supply kit ng iyong alagang hayop. Ikonsidera na kausapin ang iyong beteryaryo tungkol sa permanenteng ID tulad ng micro-chipping, at pagpasok sa iyong alagang hayop sa recovery (pagkakasuli) na database.
- Mga impormasyon sa pakikipag-ugnayan at mga medikal na rekord
  - Magdala ng isang kopya ng pangalan at numero ng telepono ng iyong beteryaryo - kasama ng mga ospital ng beteryaryo sa kaganapan ng emerhensiya, mga malalapit na kennel (kulungan ng aso) at tirahan ng mga hayop - at ang isa ay ilagay sa iyong kit (kagamitan). Ilagay ang mga ito kasama ng mga kopya ng impormasyon sa pagpaparehistro ng iyong alagang hayop, mga papeles ng adopsyon, mga dokumento sa pagpapabakuna at mga medikal na rekord sa isang malinis na plastic bag o hindi napapasukan ng tubig na lalagyan at idagdag ang mga ito sa iyong kit (kagamitan).
- Malaking kahon o iba pang lalagyan o pandala ng alaga
  - Kung kailangan mo na lumisan sa kaganapan ng isang emerhensiya, dalhin ang iyong mga alagang hayop at hayop kung ito ay praktikal na gawin. Sa karamihan sa mga kaso, ang iyong kakayahan na gawin ito ay matutulungan ng pagkakaroon ng isang matibay, ligtas at komportableng kahon o pandala na handa sa paglilipat ng iyong alagang hayop. Ang pandala ay dapat sapat ang laki para makatayo, maka-ikot at makahiga ang iyong alagang hayop. Tiyakin na ang iyong pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay nasa pandala. Ang mga carrier ay maiinam na lugar para itabi rin ang mga emergency kit (kagamitan para sa emerhensiya) ng iyong alagang hayop.
- Kagamitan sa Paglilinis
  - Magsama ng pet litter (dumihan ng alaga) at litter box (kahon para sa dumi) kung naaangkop, at pati na rin mga dyaryo, paper towel, mga plastik na basurahan at pambahay na likido na chlorine bleach para sa mga pangangailangan sa paglilinsi ng iyong alagang hayop. Maaari mong gamitin ang bleach bilang pang-disimpekta (ihalo sa siyam na parte ng tubig ang isang parteng bleach). Kung hindi ka makapagpakulo ng tubig, sa isang emerhensiya ay maaari mo rin gamitin ang bleach para linisin ang tubig. Maglagay ng 1/8 na kutsarita (o 8 patak) ng regular at walang amoy na pambahay na bleach sa bawat galon ng tubig, haluin ng mabuti at hayaan ng 30 minuto bago gamitin.
- Isang larawan mo at ng iyong alagang hayop na magkasama
  - Kung ikaw ay mahiwalay mula sa iyong alagang hayop sa isang emergency, ang isang larawan mo kasama ng iyong alagang hayop ay makakatulong sa iyo na mapakita sa dokumento ang pag-mamay ari nito at pahintulutan ang iba na tulongan ka na kilalanin ang iyong alagang hayop. Isama ang mga detalyadong impormasyon tungkol sa uri ng hayop, lahi, edad, kasarian, kulay at mga bukod-tanging katangian.
- Ang mga karagdagan kakaibang pangangailangan at mga kilalang comfortable na mga bagay
  - Ilagay ang mga paboritong laruan, mga gusto o espesyal na higaan sa iyong kit (kagamitan). Ang mga kilala nang bagay ay makakatulong ng mabawasan ang pagkabalisa ng iyong alagang hayop.



### Lumikha ng Plano sa Alagang Hayop

- Planuhin kung paano mo ipagsasama-sama ang iyong mga alagang hayop sa kaganapan na kinakailangan ng ebakuwasyon at unang alamin kung saan ka pupunta.
- Magsaliksik ng iba pang mga opsyon. Alamin bago pa man maganap ang isang emerhensiya kung anong mga pasilidad sa iyong lugar o malapit sa lugar kung saan magkikita-kita ang maaaring mga posibleng opsyon para sa iyo at sa iyong mga alagang hayop. Maaaring makabilang sa mga opsyon ang: mga hotel o motel na tumatanggap ng mga alagang hayop; mga tirahan na pasilidad tulad ng mga ospital para sa mga kulungan ng aso o beteryaryo na malapit sa isang pasilidad para sa ebakuwasyon.
- Kung mayroon kang sapat na natanggap na babala ng kaganapan ng malalang lagay ng panahon, tulad ng posibleng pagbabaha o nagyeyelong mga temperatura, tiyakin na ang mga alagang hayop ay nadala sa looban.
- Kung kinakailangan mong lisanin ang iyong kinalalagyan, dalhin ang iyong mga alagang hayop kung praktikal. Kung ikaw ay magpunta sa isang pampublikong tirahan, tandaan na ang iyong mga alagang hayop ay maaaring hindi payagan na makapasok sa loob. Maunang magtakda ng angkop na tutuluyan depende sa bilang at mga uri ng hayop na iyong inaalaagan.
- Ikonsidera ang mga pamilya o kaibigan na handang maghandog ng matutuluyan para sa iyo at sa iyong mga alagang hayop sa isang emergency.

### Bumuo ng isang Buddy System

- Magplano kasama ang mga kapit bahay, kaibigan o kamag-anak para matiyak na mayroong handang mag-alaga o mag-alis sa iyong mga alagang hayop kung hindi mo ito magawa. Ang taong pinakamalapit sa pangunahing lokasyon ng iyong alagang hayop ang pinakamainam.
- Makipag-usap sa iyong buddy (kaibigan) sa pag-aalaga ng alagang hayop tungkol sa iyong mga plano sa ebakuwasyon at ipakita sa kanila kung saan mo itinabi ang supply kit (kagamitan) sa kaganapan ng emerhensiya ng iyong alagang hayop.
- Dalhin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng iyong buddy (kaibigan) sa pag-aalaga ng iyong alagang hayop kapag ikaw ay umalis ng bayan. Kung ikaw ay malalayo sa iyong tahanan kapag naganap ang isang malubhang kalagayan ng panahon, tawagan ang iyong buddy (kaibigan) sa pag-aalaga ng alagang hayop para matiyak na nasa mainam na kalagayan ang mga ito at tiyakin na sila ay ligtas at walang panganib na nasa looban.
- Magtalaga ng mga partikular na lokasyon (isa sa iyong direktang magkakapitbahay at isa pang mas malayo) kung saan kayo magkikita sa kaganapan ng isang emerhensiya.
- Sa kaganapan na walang makukuhang tulong sa iyong mga alagang hayop, kumuha o gumawa ng iyong sariling “Pets Inside” (mga alagang hayop sa loob) na mga sticker (etiketa) na karatula at ilagay ang mga ito sa iyong mga pintuan at bintana, kasama ang impormasyon sa numero at mga uri ng alagang hayop sa iyong tahanan para maalerto ang mga bumbero at mga rescue worker (magliligtas na trabahador). Ikonsidera ang paglalagay ng numero ng telepono sa sticker (etiketa) kung saan maaaring matawagan sa kaganapan ng isang emerhensiya. (At, kung may panahon, tandaan na isulat ang mga salitang “Evacuated with Pets” (lumikas na may kasamang alagang mga hayop) sa mga sticker (etiketa), kung ikaw ay aalis kasama ng iyong mga alagang hayop.)

### Kausapin ang Beterinaryo ng iyong Alagang Hayop tungkol sa Pagpaplano sa Emerhensiya

Talakyin ang mga uri ng bagay na dapat mong isama sa first aid kit (pangunahing lunas na gamit) sa kaganapan ng emerhensiya ng iyong alagang hayop. Kunin ang mga pangalan ng mga beteryaryo o ospital ng beteryaryo sa ibang lungsod kung saan maaari mong kailanganin ang pansamantalang masisilungan. Dapat mo rin ikonsidera na kausapin ang iyong beteryaryo tungkol sa permanenteng ID tulad

ng micro-chipping, at pagpasok sa iyong alagang hayop sa recovery (pagkakasuli) database. Kung ang iyong alagang hayop ay may micro-chip, ang paggawa na parating napapanahon ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa kaganapan ng emerhensiya at nakatala sa isang maaasahang recovery (pagkakasuli) database ay mahalaga sa pagkikita at pagsasama ninyo muli ng iyong alagang hayop.

### Maglikom ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa emerhensiya na paggamot sa hayop

Gumawa ng listahan ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan at mga address ng mga animal control (pagkontrol sa mga hayop) na mga ahenisya sa lugar kasama na ang Humane Society o Society for the Prevention of Cruelty to Animals, at ang mga ospital ng beteryaryo para sa emerhensiya. Magdala ng isang kopya ng mga numero ng telepono na ito at itabi ang isa sa emerhensiya supply kit (kagamitan) ng iyong alagang hayop. Kumuha o gumawa ng “Pets Inside” (mga alagang hayop sa loob) na mga sticker (etiketa) na karatula at ilagay ang mga

ito sa iyong mga pintuan at bintana, kasama na ang impormasyon sa bilang at mga uri ng alagang hayop sa iyong bahay para maalerto ang mga bumbero at rescue worker (magliligtas na trabahador). Ikonsidera ang paglalagay ng numero ng telepono sa sticker (etiketa) kung saan maaaring matawagan sa kaganapan ng isang emerhensiya. At, kung may panahon, tandaan na isulat ang mga salitang “Evacuated with Pets” (lumikas na may kasamang alagang mga hayop) sa mga sticker (etiketa), kung ikaw ay aalis kasama ng iyong mga alagang hayop.

**Iyong mga naglalaan ng panahon para ihanda ang kanilang sarili at ang kanilang mga alagang hayop ay marahil na hindi mahihirapan, mas kaunti ang paghihirap at pag-aalala. Maglaan ng panahon ngayon para maihanda ang iyong sarili at ang iyong alagang hayop.**